# SITAW



Ang sitaw *(Vigna unguiculata)* ay mayaman sa mga bitamina at mineral tulad ng *K, C, folic acid, molybdenum, protein, riboflavin, thiamin* at *niacin*. Mayaman din ito sa fiber na tumutulong upang bumaba ang kolesterol ng katawan.

## PANGANGAILANGAN NG LUPA AT KLIMA

Ang sitaw ay maaaring itanim sa kahit alinmang panahon o buwan. Ito ay maaaring itanim sa anumang uri o klase ng lupa na may antas ng pH na 5.5 hanggang 6.6. Para sa pinakaangkop na paglaki ng sitaw, gumamit ng lupa na mataba sa organikong bagay at mabuhaghag. Nangangailangan ang sitaw ng temperatura na 20°C hanggang 35°C.

## PAGPILI NG BINHI

Ilan sa mga dapat isaalang-alang sa pagpili ng binhi ay ang mataas na pagbunga. Iokal na kondisyon tulad ng klima, kakayahan na labanan ang mga pangunahing sakit at peste, at demand sa mercado.

## PAGHAHANDA NG LUPA

Bungkalin ang lupa na may lalim na 15cm-20cm, dalawa hanggang tatlong beses na may pagitan na isang linggo upang maiwasan ang pagtubo ng mga damo. Ihanda ang mga tudling na may distansya na 2.5 hanggang 3.0 na metro.

## PAGTATANIM

Ang mga leguminoso na gulay ay mayroong pagkakaiba-iba sa paraan ng pagtatanim tulad ng sukat.

| Type | Spacing (cm) | | Plant Population/ ha. | Seed Requirement/ ha. (kg) |
|---|---|---|---|---|
| | Row | Hill | | |
| Pole Type | 100 | 50 | 40,000 | 10-20 |
| Bush Type | 75 | 25 | 53,333 | 25-30 |

## PARAAN NG PAGTATANIM

**1. Drill Method**

Magtanim ng 18-20 na binhi sa bawat metro. Takpan ito ng lupa.

**2. Hill Method**

Maglagay ng 2-3 buto ng sitaw sa hawat burol gamit ang sukat sa table. Takpan ito ng lupa.

## PATUBIG

Ang dami at beses ng pagpapatubig sa halaman ay depende sa uri ng lupa kung saan nakatanim ang sitaw. Sa mabuhaghag na lupa, ito ay nangangailangan ng madalas na pagpapatubig at paggawa ng kanal kung kinakailangan.

## BAGING *(TRELLISING)*

Ang pole sitaw ay nangangailangan ng tulos o *stakes* upang masuportaban ang mga baging nito pagkalipas ng ika-25 na araw pagkasibol nito. Gumamit ng kawayan may diametro na 1cm-1.4crn.

## PANGANGALAGA SA HALAMAN

Alisin ang mga damo sa unang 30 araw pagkatanim upang maiwasan ang kumpetisyon sa araw at nutrisyon.

## PAMAMAHALA NG SAKIT AT PESTE

Ang bush at pole sitaw ay pangkaraniwang inaatake ng mga pesteng kulisap na *cutworms, beanfly, aphids* at *pod borer*. Sa ika-3 hanggang ika-10 na araw pagkasibol ng mga halaman, obserbahan kung may beanfly. Gumamit ng mga pamamaraan upang makontrol ang pagdami nito, Ang mga pangunahing sakit naman nito ay *fusarium wilt, stem* at *root rot, bean rust, bean rnosaic,* at *powdery mildew*, Upang maiwasan ang mga pesteng kulisap at sakit ng sitaw, kinakailangan gawin ang mga sumusunod:

1. Pagpapalit ng mga tanim (crop rotation).
2. Kalinisan ng sakahan o tanirnan.
3. Paggamit ng mga binhi na may kakayahan lumaban sa peste.

## PAG-AANI

Anihin ang sitaw habang ito ay kulay berde at wala pa sa gulang. Anihin ito dalawang beses sa isang linggo at tuwing umaga o hapon kung kailan mababa ang temperature. Ilagay ang mga naani sa malilim na lugar. Linisin at paghiwalayin ang mga ito batay sa sukat, kulay at edad. Ilagav ang rnga ito sa angkop na lagayan tulad ng kahon, *basket* o *crates* na may dahon ng saging o diyaryo upang mapanatili nito ang pagkasariwa ng sitaw.

Ito'y hango sa ginawang babasahin ng Department of Agriculture—Agricultural Training Institute.
Inihanda ng Provincial Government of Camarines Norte sa
pamamagitan ng Office of the Provincial Agriculturist.
Provincial Capitol Building, Daet, Camarines Norte
Tel. No.: (054) 721-0291
Email: opagcamnorte@yahoo.com / opagcamsnorte@gmail.com
Facebook: OPAg Camarines Norte
Website: https://opagcamnorte.com